

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Nagpakita ang PMI ng Manufacturing ng katamtamang pagganda sa mga kundisyon sa pagpapatakbo sa pagtatapos ng 2021

Key findings

Lumawak ang output sa unang pagkakataon simula noong Marso, bagama't bahagya lang

Gumanda ang sentimyento na pinakamataas sa loob ng 23 buwan

Parehong katamtaman ang inflation ng presyo ng input at output noong Disyembre

Ang data ng Disyembre 2021 ay nakolekta noong 06-16 Disyembre 2021.

Bahagyang lumakas ang mga kundisyon sa pagpapatakbo sa sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas, na sinusuportahan ng unang buwanang paglawak sa output sa loob ng siyam na buwan. Patuloy na dumarami ang mga bagong order na humikayat sa mga kumpanyang dagdagan ang mga imbentaryo ng kanilang input para sa pang-apat na sunod na buwan. Bilang resulta, itinaas ng mga kumpanya ang kanilang mga inaasahang output para sa paparating na taon na gumanda sa halos pinakamataas sa loob ng dalawang taon. Dahil dito, may mga ulat pa rin ng malawakang kakulangan ng materyal at pagkaantala ng supply-chain.

Sa usapin ng presyo, nananatiling mataas gaya ng dati ang mga pagtaas sa presyo ng input at output kasunod ng mas matataas na gastusin sa materyal at transportasyon. Gayunpaman, naging katamtaman ang mga rate ng inflation sa parehong kaso.

Bahagyang tumaas ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® mula 51.7 noong Nobyembre, at naging 51.8 noong Disyembre, na nairehistro sa itaas ng 50.0 na walang pagbabagong threshold na naghiihiwalay sa paglawak mula sa pagliit. Bagama't katamtaman lang, ang pinakabagong pagtaas ang pinakamalakas sa loob ng siyam na buwan, at nahahanay sa pangkalahatan sa average ng matagal nang tumatakbong serye.


Ang paghusay ay bahagyang dulot ng mas mabilis na pagtaas sa mga bagong order na natanggap ng mga Pilipinong manufacturer. Katamtaman ang pangkalahatang rate ng paglago at patuloy na binibigyang-diin ng mga miyembro ng panel ang magagandang kundisyon ng demand sa loob ng bansa. Kabaligtaran ng trend na nakita para sa mga kabuuang benta, malaki ang pagbaba sa mga bagong order ng export at nasa pinakamabilis na rate sa loob ng apat na buwan. Ang mas mahihigpit na limitasyon sa mga internasyonal na pamilihan, na iniuugnay sa Omicron variant ang nagdulot ng pagbaba.

Samantala, mas dumami ang produksyon sa unang pagkakataon simula noong Marso, bagama't hindi lang ito masyadong mabilis. Habang nagpakita ang ilang kumpanya ng pagtaas sa demand sa loob ng bansa, binanggit ng iba na bumagal ang paglago dahil sa kakulangan ng hilaw na materyal.

Habang may pataas na trend ang paglago ng output at bagong order, binawasan ng mga kumpanya ang kanilang workforce sa mas mabagal na rate noong Disyembre. Makikita na ngayon ang pagtatanggal sa trabaho sa bawat isa sa huling 22 buwan, kung saan ang panghuling pagbaba ang pinakamabagal sa pangkalahatan simula noong Marso. Iminungkahi ng mga komento ng panel na habang tumaas ang mga bagong order, may sapat na kapasidad ang mga kumpanya na matugunan ang demand. Sinuportahan ito ng pagbaba

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Nanatili sa solidong posisyon ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas sa pangwakas na buwan ng 2021, kung saan pinakamataas sa loob ng siyam na buwan ang headline na PMI. Ang pagsuporta rito ay isang pagpapahusay sa demand sa loob ng bansa at bahagyang pagtaas sa output, na unang beses sa loob ng siyam na buwan. Positibo rin ang mga kumpanya na patuloy na tataas ang demand sa mga paparating na buwan at bilang resulta, naghanda sila sa pamamagitan ng mga diskarteng paunang pag-order.

"Gayunpaman, nagbabanta ulit sa sektor ang mga isyu sa panig ng supply at mga limitasyong nauugnay sa virus. Kapansin-pansin ang mga pagkaantala sa paghahatid at madalas itong nakakasagabal sa produksyon. Samantala, patuloy na pinapataas ng mga kakulangan ang mga gastusin, kahit na may ilang senyales ng pagbago sa mga presyo ng input at output noong Disyembre.

"Sa hinaharap, halos sigurado nang tataaman ng Omicron variant ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas, at sa mas maraming paraan kaysa sa isa. Malamang na magpapatuloy ang mga isyu sa panig ng supply habang maaaring mas tumaas ang bilang ng kaso at inflation ng presyo ng input habang papasok tayo sa bagong taon."

sa namumukod-tanging negosyo, kung saan nabawasan ang mga backlog sa ikatlong pinakamalaking rate na halos pinakamalaki sa loob ng anim na taong kasaysayan ng survey.

Sa ibang dako, may karagdagang ebidensya na nagpapatuloy ang mga isyu sa supply-chain. Malaki ang ibinaba ng performance ng vendor kung saan madalas sisihin ng mga komento ng panel ang mas mahihigpit na limitasyong nauugnay sa virus sa mga internasyonal na pamilihan, at hirap sa pagkuha ng mga input.

Nagpatuloy noong Disyembre ang malawakang ulat ng kakulangan ng materyal, kung saan muling ginamit ng mga panellist ang mga diskarteng paunang pag-order. Dahil sa inaasahang mas malaking demand at mga pagtaas ng presyo sa hinaharap, nahikayat din ang mga kumpanya na mag-stockpile, ayon sa mga komento ng panel. Tumaas ang aktibidad na pagbili sa pinakamabilis na rate sa loob ng anim na buwan habang lumawak ang mga stock ng mga pagbili para sa ikaapat na buwan na.

Humantong ang kakulangan ng materyal at mga paubos na supply chain sa isa pang malaking pagtaas sa mga presyo ng input noong Disyembre. Gayunpaman, sa kabutihang palad ay naging katamtaman ang rate ng inflation sa gastos mula noong Nobyembre na pinakamababa sa loob ng tatlong buwan. Pinili ng mga kumpanya na ipasa sa mga kliyente ang bahagi ng burden sa pamamagitan ng isa pang pagtataas sa mga singil sa output, kung saan malaki ang rate ng pagtaas ayon sa mga dating pamantayan.


Sa hinaharap, maganda ang pananaw ng mga kumpanya tungkol sa kanilang mga inaasahang output para sa susunod na 12 buwan. Gumanda ang sentimiyento at naging pinakamalakas simula noong Enero 2020 kung saan inaasahan ng mga kumpanya ang mas mataas na bilang ng customer at pagbabalik sa normal sa 2022.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr, 3mma



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

Shreeya Patel
Economist
IHS Markit
T: +44 134 432 8196
shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
T: +44 207 260 2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Ang data ng Disyembre 2021 ay nakolekta noong 06-16 Disyembre 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakatbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2022 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katerine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.